## PAGTUGON SA MISINFORMATION

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagsasagawa ng proactive na pamamaraan upang maiwasan ang misinformation, disinformation, at malinformation sa pamamagitan ng paglalathala ng malinaw, at madaling maintindihan na naimprenta at digital na impormasyon. Tinitiyak ng aming opisyal na mga materyales pambigay-kaalaman na alam ng lahat ng mga nakarehistrong botante ang tungkol sa mga mahahalagang petsa sa eleksyon, mga patakaran, at mga pagbabago sa operasyon. Kami rin ay sumasali sa mayaman at multilingguwal na gawaing outreach sa pamamagitan ng mga abiso, mga press release, mga panayam ng media, pagpapatalastas, pag-post sa social media, at mga live na presentasyon.

Nagbabantay at maagap na tumutugon ang Departamento sa anumang maling impormasyon tungkol sa aming mga proseso na umiikot sa pampublikong mga plataporma gamit ang opisyal, at beripikadong mga impormasyon. Bumuo kami ng mga protokol upang mabantayan, masuri, maitala, at matugunan ang mga insidenteng may kinalaman sa misinformation sa social media, sa mga nalimbag na media, audio (hal., mga robocall at mga mass brodkast sa radyo), at iba pang uri ng digital na media tulad ng mga balita sa website, mga blog, mga message board, at mga forum.

## EPEKTO NG ARTIFICIAL INTELLIGENCE (AI)

Dahil may potensiyal ang AI na teknolohiya na makagawa ng negatibong epekto sa mga operasyon at kalalabasan ng ating eleksyon, patuloy na nagtatrabaho ang Departamento ng mga Eleksyon upang matukoy at mabawasan ang mga panganib kaugnay ng AI. Kung ipaliliwanag ng maigi, isinali namin ang mga protokol sa cybersecurity at mga rekomendasyon mula sa: 1) Office of Cybersecurity (ng lungsod) 2) Office of Elections Cybersecurity and Enterprise Risk Management (ng estado); 3) U.S. Department of Homeland Security; 4) National Institute of Standards and Technology; at 5) U.S. Election Assistance Commission. Bumuo rin kami ng mga protokol sa pagsuri at pagtugon sa media, pinalawak ang mga aming mga panuntunang gabay sa social media at mga estratehiya sa pagmemensahe, at gumawa ng bagong web page tungkol sa paksang ito sa ***sfelections.gov/security***.

## MGA PAGSASANAY AT PANUNUMPA NG MGA MANGGAGAWA

Ang lahat ng mga manggagawa sa eleksyon ay sumasailalim sa malawak na pagsasanay sa seguridad ng eleksyon at kinukumpleto ang panunumpang ito: "Ako, [blangko] ay mataimtim na nanunumpa (o ipinagtitibay) na susuportahan at ipagtatanggol ko ang Saligang Batas ng Estados Unidos at ang Saligang Batas ng Estado ng California laban sa lahat ng mga kalaban, dayuhan at sa sariling bansa; na tataglayin ko ang tunay na paniniwala at katapatan sa Saligang Batas ng Estados Unidos at sa Estado ng California; na tinatanggap ko ang obligasyon na ito nang malaya, na walang pag-aalinlangan o layunin na umiwas; na maayos at matapat kong gagawin ang mga tungkulin na papasukin ko ngayon [..]."

## MGA PROTOKOL SA SEGURIDAD NG SISTEMA

Ang lahat ng mga botante ng San Francisco ay kailangang gumamit ng papel na balota para bumoto. Ang sistema ng pagboto sa San Francisco ay hindi kailanman nakakonekta sa internet at hindi kailanman elektronikong tumatanggap o nagpapadala ng datos ng eleksyon gamit ang panlabas na network. Bukod pa rito, para makagawa ng makatotohanang rekord ng bawat boto, ang aming sistema sa pagboto ay gumagawa ng pampublikong nasusuri at naaayos nang sunod-sunod ang digital na imahe ng mga file sa mga binotohang balota.

Bago ang sertipikasyon ng aming sistema sa pagboto, nagsagawa ang Kalihim ng Estado ng California ng pagsuri at ebalwasyon ng source code pati na rin ng operasyonal na pagsubok sa seguridad ng hardware at software mula sa panloloob para kumpirmahin ang kakayahan nito at matukoy at maayos o mabawasan ang mga kahinaan nito. Ang kahit na sinong miyembro ng publiko ay ay maaaring mag-obserba at sumubaybay sa mga gawain sa lokal na eleksyon sa mga lugar ng botohan, pagproseso ng balota, o pagbibilang.

## PAGPAPANATILI NG REKORD NG MGA BOTANTE

Ang lahat na mga manggagawa sa eleksyon ay sumusunod sa mahigpit at nakasulat na mga protokol upang maberipika ang pagkakakilanlan at elihibilidad ng bawat nakarehistrong botante. Kami rin ay nagtatrabaho kasama ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan at ng USPS upang matiyak na ang talaan ng mga botante ng San Francisco ay tama at napapanahon.

## PAGPROSESO NG BALOTA SA KOREO

Pumuprotekta sa maraming mga karapatan ng botante ang aming mga protokol sa pagproseso ng balota sa koreo. Halimbawa, upang maprotektahan ang karapatan ng bawat botante na bumoto nang lihim sa balota, ang mga ibinalik na balota ay pinananatili sa kanilang sobre hanggang sa ang mga ito ay matanggap. Para maprotektahan ang karapatan ng bawat botante na bumoto sa balotang inisyu sa kanila, ang pirma sa bawat isang ibinalik na sobre ay biniberipika bago ang pagtanggap at pagproseso sa balota na nasa loob nito. Kung, pagkatapos ng pagsuri ng tatlong tao at walang mahanap na kaparehong pirma sa file, sinusubukan namin na makipag-ugnayan sa botante at bigyan sila ng pagkakataon na kumpirmahin ang kanilang pagkakakilanlan.

## PANGANGALAGA SA MGA KAGAMITAN

Ang mga manggagawa ng eleksyon ay sumusunod sa mahigpit na mga iniaatas ng chain of custody para sa lahat ng software sa teknolohiya sa pagboto, firmware, at hardware. Bago ang bawat eleksyon, nagsasagawa kami ng masusing pagsusuri sa Lohika at Katumpakan sa bawat kagamitan sa pagboto upang maberipika na ang kabuuang yunit at sistema ay maayos na gumagana. Pagkatapos ay pinoprotektahan ang mga kagamitan ng mga tamper-evident seal o mga uri ng selyo na malalaman kung ginalaw ito, at dinadala ang mga ito sa mga lugar ng botohan sa loob ng may seguridad na mga lalagyan. Sa gayon ding paraan, sumusunod din ang mga kahon na hulugan ng balota ng San Francisco sa mga mahigpit na regulasyon ng estado; bawat isa sa aming opisyal na mga kahon na hulugan ng balota ay gawa sa mabigat, mataas na grado na bakal, maayos na ikinabit sa lupa, at mayroong mga maliliit na pasukan ng balota at gawa sa mga materyales na hindi tinatablan ng apoy. Kapag hindi ito ginagamit, ang lahat ng mga kagamitang pang-eleksyon ay iniimbak sa mga lugar na may seguridad, na ang puwede lang pumasok ay ang mga awtorisadong tauhan sa eleksyon.

## MGA PROTOKOL SA EMERHENSIYA

Ang aming malawak na pagsasanay para sa mga manggagawa sa lugar ng botohan ay mayroong detalyadong mga plano para sa emerhensiya at sa kung ano mang puwedeng mangyari para masigurado na maaaring magpatuloy ang pagboto kung sakaling may mangyaring isyu kaugnay sa tauhan, sa operasyon, o kagamitan, sa saanmang lugar ng botohan. Ang mga pang-emerhensiyang plano sa pagboto na mga ito ay nagbibigay, halimbawa na lang, ng malinaw at madaling sundin na mga instruksiyon kung paano magagabayan ang mga botante sa proseso ng pagboto kapag a) nawalan ng kuryente, b) hindi gumagana nang maayos ang mga kagamitang pamboto, o c) ang isa o higit pang mga manggagawa sa botohan ay nahuli o lumiban.

## LIGTAS NA PAGKOLEKTA SA BALOTA

Pagkatapos magsara ng botohan sa gabi ng eleksyon, ang mga tauhan ng eleksyon ay sumusunod sa detalyado at nakasulat na mga hakbang para sa pagbibilang ng mga na-scan na bilang ng mga boto. Ang mga tauhan ng eleksyon ay dapat ding sumunod sa detalyado at nakasulat na mga hakbang sa chain of custody sa paglilipat ng mga papel na balota. Para sa karagdagang seguridad, ang lahat ng mga nasa edad na manggagawa sa botohan ay mananatili sa lugar hanggang sa makolekta ng mga Opisyal sa Pagkontrol sa Pagpaparada ng SFMTA ang mga memory card sa pagboto at makolekta ng Kinatawan ng Sheriff ang mga balota para mailipat nang diretso sa City Hall. Pagkatapos ng pagpoproseso, at bago sertipikahin ang pinal na mga resulta ng eleksyon, nagsasagawa pagkatapos ng eleksyon ang mga manggagawa ng eleksyon ng manu-manong pagbibilang upang maberipika na ang lahat ng mga balidong isinumiteng balota ay nabilang nang tama.

## PAANO KAYO MAKAKATULONG

May ilang mga bagay na maaari ninyong gawin upang makatulong maprotektahan ang integridad ng ating mga eleksyon! Narito ang ilang mga mungkahi para makatulong na makapagsimula kayo:

- ✓ I-check ang inyong rekord ng rehistrasyon bilang botante at i-update ito kapag may mga pagbabago (hal., lumipat ng tirahan).
- ✓ Sundan kami sa social media (*@SFElections*).
- ✓ Mag-subscribe sa aming opisyal na mga balita, mga update, at abiso sa ***sfelections.gov/trustedinfo***.
- ✓ Maging isang manggagawa sa botohan at makakuha ng karanasan sa mga proseso sa eleksyon at mga protokol na pangseguridad.
- ✓ Mag-obserba ng mga proseso sa eleksyon nang personal o online sa ***sfelections.gov/observe***.
- ✓ I-ulat ang misinformation, kaduda-dudang mga pahayag, o kahina-hinalang gawain, tulad ng pandaraya, katiwalian, o pag-tamper, sa alinman sa mga sumusunod:
  - Aming tanggapan: (415) 554-4310
  - Abugado ng Lungsod ng San Francisco: (628) 652-4311
  - Kalihim ng Estado ng California: (800) 345-8683
  - SOS email: ***VoteSure@sos.ca.gov***
  - ***sfvote@sfgov.org***

# Mayroon ba kayong mga Katanungan?


**Departamento ng mga Eleksyon**
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

English: (415) 554-4375
Español: (415) 554-4366
中文： (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386

***sfelections.gov***
***sfvote@sfgov.org***

**/ sfelections**


CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS

# MGA ELEKSYON SA SAN FRANCISCO:
## LIGTAS AT MAY SEGURIDAD





CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS